

Nakakamit ng Lungsod ng Brampton ang World Council on City Data platinum-level ISO data na sertipikasyon para sa pangalawang kasunod na taon

BRAMPTON, ON (Oktubre 13, 2021) – Sa araw na ito, inanunsiyo ng World Council on City Data (WCCD) na nakatanggap ang Lungsod ng Brampton ng ISO 37120 Platinum-level na sertipikasyon, ang pinakamataas na standard sa pagkolekta, pagbabahagi, at paggamit ng datos para epektibong makagawa ng mga desisyon, para sa pangalawang kasunod na taon.

Natupad ng Lungsod ang mga kinakailangan para sa pinakamataas na antas, nag-uulat sa higit sa 90 ng 104 na indicator sa loob ng WCCD's ISO 37120 standard, bilang bahagi ng Pamahalaan ng Canada sumuporta sa [Data for Canadian Cities Project \(DCCP\)](#), sumasali sa piling grupo ng higit sa 100 global na mga lungsod sa 35 bansa – at 30 sa buong Canada – na nangongolekta, nagbabahagi, at gumagamit ng datos ng lungsod para gumawa ng epektibo at pampagbabagong mga desisyon.

Bilang miyembro ng WCCD Global Network, ibinabahagi ng Lungsod ang lokal na mga karanasan at mga benchmark laban sa ibang mga lungsod na pinapagana ng datos sa buong mundo para mapahusay ang mga serbisyo at ang kalidad ng buhay ng mga residente. Ang Brampton, kasama ang mga WCCD Global Network partnes nito, ay sumusukat sa panlipunan, pang-ekonomiya at pangkapaligirang mga palatandaan na patuloy na magtayo ng ismarte, sustainable, madaling nakakabangon, masagana at nagsasali sa lahat na komunidad.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa World Council on City Data (WCCD) at sa sertipikasyon, bisitahin ang www.dataforcities.org.

Tungkol sa Data for Canadian Cities Project

Ang pagbibigay sa mga lider ng lungsod sa buong Canada ng de kalibre, maihahambing, at independiyenteng naberipika na datos ng munisipyo, ang [Data for Canadian Cities Project \(Datos para sa Proyekto ng mga Lungsod ng Canada\)](#) ay isang pambagbabagong tatlong taon, proyekto ng buong Canada na kasalukuyang nagpapatuloy sa labinlimang napapasigla ng datos na mga munisipyo sa buong bansa. Suportado ng Ministry of Infrastructure and Communities ng Pederal, ang Proyekto ay nagbibigay sa mga lider ng lungsod ng uri ng datos na kailangan nila para makagawa ng mahalagang mga desisyon, ngunit pinapatibay rin ang internal benchmarking, habang pinapagana ang malakas, patas na mga paghahambing sa tatlumpung lungsod sa buong Canada, at 100 lungsod sa buong mundo. Mula sa pagpapalano ng pagpapalakas ng pagiging sustainable hanggang sa pagpapasigla ng ekonomiya hanggang sa pagkamit ng mga mithiin sa climate-change, at pagbibigay-kaalaman sa kritikal na mga desisyon sa pamumuhunan, ang Data for Canadian Cities ay nag-aalok sa mga tagadesisyon sa munisipyo sa buong bansa ng napakahalagang datos na kailangan nila para makalikha ng mas ismarte, mas sustainable, madaling nakakabangon, masagana at nagsasali sa lahat na mga komunidad.

Mga Quote

“Ang Brampton ay isang Lungsod na Mabuti ang Pagpapatakbo, at nangangasiwa tayo ng isang komunidad na nagsasali sa lahat na ligtas, sustenable at matagumpay. Sa pamamagitan ng pagdedesisyon na batay sa datos, patuloy nating mas pinapaganda ang kalidad ng buhay para sa ating mga residente. Ipinagmamalaki natin na makilala bilang ISO 37120 Platinum-level certified ng WCCD para sa pangalawang kasunod na taon, at inaasam ang pagbabahagi sa ating mga lokal na karanasan sa WCCD Global Network, pati na rin ang matuto mula sa ibang mga lungsod, para makapagbigay ng pakinabang sa ating mga residente at sa mga residente sa buong Canada.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Mahalaga ang datos para makagawa ng epektibong mga desisyon para sa ating mga residente, at bilang bahagi ng elite na WCCD Global Network, nagagawa nating makipagtulungan at magtitimbang para matuto mula sa ibang mga komunidad na napapalakas ng datos para pagandahin ang mga buhay ng mga Bramptonian at mga tao sa buong Canada. Ipinagmamalaki ng Lungsod ng Brampton na makilala ng World Council on City Data para sa pangalawang kasunod na taon, at magpapatuloy na palakasin ang ating pagiging sustenable at imprastruktura at pasiglahin ang pag-unlad ng ekonomiya sa pamamagitan ng pagdedesisyon na batay sa ebidensya.”

- *Harkirat Singh, Chair, Corporate Services; Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10, Lungsod ng Brampton*

“Ang Lungsod ng Brampton ay dedicated sa pagpapasulong sa Termino ng Prayoridad ng Konseho: Ang Brampton ay isang Lungsod na Mabuti ang Pagpapatakbo, at – gaya ng napatunayan sa pagtanggap ng ISO 37120 Platinum-level na sertipikasyon ng WCCD sa loob ng dalawang magkakasunod na taon – patuloy tayong nakikilala bilang global na lider sa inobasyon at pagdedesisyon na batay sa datos. Ang ating team ay patuloy na nagsisikap na magtayo ng ligtas, sustenable at matagumpay na lungsod para sa ating mga residente, at patuloy na gagawin ito sa pamamagitan ng paggamit sa ating mga partnership para sa kolaborasyon at pagdedesiyon na batay sa ebidensya.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Sa ngalan ng WCCD, ikinagagalak kong batiin ang Lungsod ng Brampton sa pangalawang taon nito ng WCCD ISO 37120 Certification sa pinakamataas, Platinum level. Namumukod-tangi ang Brampton sa pangkat ng higit sa 100 lungsod ng WCCD sa buong mundo sa commitment nito sa pagpapahusay sa isinapamantayang datos ng lungsod para hikayatin ang mas sustenable, madaling nakakabangon, masagana, nagsasali sa lahat at ismarteng kinabukasan para sa lahat ng mga residente ng Brampton. Congratulations kay Mayor Brown, Pinunong Administratibong Opisyal na si David Barrick, Konseho at Staff sa tagumpay na ito bilang bahagi ng Data for Canadian Cities Project. Ang WCCD ay nag-aantabay para makatrabaho kayo dahil patuloy ninyong ginagamit ang taunang datos na ito habang ginagamit ito para hikayatin ang pagbabago para sa mga residente sa buong Lungsod at subaybayan ang inyong katangi-tanging pag-unlad.”

- *Dr. Patricia McCarney, Presidente at CEO, WCCD*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA:

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca